

Pagpapatuloy ng mga Countermeasures kahit na ang COVID ay bumaba ng Category 5 (Buod)

Napagpasyahan : 2023 Abril 28
Gifu Prefectural COVID-19 Infection Countermeasures HQ

Mula Mayo 8 ang COVID-19 ay ilalagay sa Category 5 ng nakakahawang sakit, kapareho ng seasonal influenza. Bilang resulta, magtatapos ang iba't ibang kahilingan batay sa Special Measures Act.

Gayunpaman, hindi nagbabago ang katotohanan ng COVID-19 tulad ng mga sumusunod.

- Ito ay labis na nakakahawa, at depende sa mga kondisyon, ang impeksiyon ay posibleng agaran kumalat,
- Mataas ang panganib na lumubha ang kondisyon sa mga matatanda at mga may medical na kondisyon,
- Kahit ang mga taong walang sintomas (asymptomatic) ay maaaring magdusa sa after effects ng sakit.

Batay sa sitwasyong ito, nagpasya kami sa "Countermeasures pagkatapos maging Category 5 ang COVID" (mula Mayo 8). Hinihiling namin sa lahat ng mamamayan ng Prepektura ng Gifu na patuloy na makipagtulungan sa epektibong countermeasures sa pagkontrol ng impeksyon. Sumangguni sa kalakip na sheet para sa mga detalye.

Countermeasures pagkatapos maging Category 5 ang COVID (mula Mayo 8)

- Madalas na paghugas ng kamay, pagdidisimpekta, at regular na bentilasyon ay inirerekomenda.
- Dahil ginagalang ang independent choice ng mga indibidwal, nasa sariling pagpapasya ang pagsuot ng mask o hindi.

【Mga sitwasyon kung saan epektibo ang pagsusuot ng mask】

- Kapag nagpapa-medical exam.
- Kapag bumibisita sa medical institutions, pasilidad para sa mga matatanda, o para sa mga may disabilidad.
- Sa araw ng trabaho kung nagtatrabaho sa isang medical institution, pasilidad para sa mga matatanda, o para sa mga may disabilidad.
- Kapag gumagamit ng masikip na pampublikong transportasyon tulad ng mga tren at bus. (pansamantala)
- Kapag pupunta sa mataong lugar ang may mataas na panganib na magkaroon ng malubhang karamdaman (mga taong may edad na 65 pataas, mga taong may underlying health conditions, mga buntis, atbp.)

- Ang batas ay hindi nag-aatas sa mga tao na pigilin ang paglabas, kaya mangyaring sumangguni sa mga sumusunod at gumawa ng sariling paghuhusga.

【Inirerekomendang panahon ng Pag-iwas sa paglabas】

- Isinasaalang-alang ang petsa ng pagsisimula bilang araw o inirerekumenda na pigilin ang paglabas sa loob ng 5 araw.
- Kung magpapatuloy ang mga sintomas kahit makalipas ang 5 araw, inirerekumenda na pigilin ang paglabas hanggang lumipas ang 24 oras mula nang humupa ang mga sintomas, at i-monitor ang sitwasyon.

【Pagsasaalang-alang para sa mga nakapaligid sa Iyo】

- Hanggang sa lumipas ang 10 araw mula nang magsimula ang mga sintomas, mag-ingat na huwag mai-kalat ang sakit sa iba, tulad ng pagsusuot ng non-woven mask at pag-iwas sa pakikipag-ugnayan sa mga taong may mataas na panganib tulad ng mga matatanda.

【Tungkol naman sa mga close contacts】

- Hindi namin tutukuyin o irerekumenda ang pag-iwas sa paglabas para sa close contact.

- Sa masisikip na lugar, inirerekumenda na iwasan ang malapit na pag-uusap (kung hindi ito posible, ang pagsusuot ng mask ay epektibo)